

# 42 Ground Staff/Airport Employees



## Ano ang ground staff?

Ang ground staff ang nagbibigay ng ibat ibang uri ng serbisyo sa loob ng airport. Sila ang nagi-issue at kumukumpirma sa ticket ng pasahero, nag-aasikaso ng mga kakailanganing papeles para sa check in procedure, at sila ang tumutulong para maging maayos ang pagsakay ng pasahero sa eroplano

Karaniwan na sa ganitong propesyon ang shifting mula umaga hanggang hating gabi, pero kadalasan ay nagbabago ang schedule. Halos buong araw ay nakatayo sila at sa paggagabay sa pasahero, kadalasan ay lakad at takbo ang kanilang ginagawa para. Sa trabahong ito kinakailangan ang mataas na antas ng communication skills at language ability dahil tungkuling nitong bigyang ng magandang serbisyo ang pasahero anuman ang nasyonalidad nito, maging ito man ay bata o matanda.

## Sa mga gustong maging ground staff!

Kung nais makapasok sa ganitong propesyon, pagkatapos maka-graduate sa university o Junior college o kumuha ng kursong airline service sa vocational school, sila ay naghahanap ng mapapasukan sa mga airline o airport employment office o kaya naman ay nagpaparehistro sa mga recruitment agency para makapasok bilang ground staff. Hindi man kailangan ang kuwalipikasyon sa ganitong propesyon subalit karamihan sa mga kompanya ay binibigyan pansin ang language ability ng aplikante. May mga kompanyang nagbibigay ng kondisyon na tanging ang may (TOEIC score na 550 o English Proficiency) ( Level 2) lamang ang tatanggapin bilang aplikante.

Sa simula, ang suweldo ng regular na empleyado ay 150,000-180,000 yen kada buwan at sa mga contractual ay 1,000 yen kada oras ang binibigay na suweldo.

